
# Kanlurang Gusali (West Building)


# Silangang Gusali (East Building)

## Pangunahing Palapag

| | |
|---|---|
| 1–13 | Mga Pinta at Eskulturang Italyano Mula Ika-13 Hanggang Ika-16 na Siglo |
| 17–28 | Mga Pinta, Eskultura, at Sining Pandekorasyong Italyano, Pranses, at Espanyol mula Ika-16 na Siglo |
| 29–34, 36–37 | Mga Pintang Italyano, Espanyol, at Pranses Mula ika-17 Hanggang ika-18 Siglo |
| 35–35A, 38–41A | Mga Pinta at Eskulturang Olandes at Alema Mula ika-15 Hanggang ika-16 na Siglo |
| 42–51 | Mga Pintang Olandes at Flemish Mula Ika-17 Siglo |
| 52 | Mga Pintang Espanyol at Pranses Mula Ika-18 Hanggang Ika-19 na Siglo |
| 53–56 | Mga Pinta at Eskulturang Pranses Mula Ika-18 Hanggang Maagang Ika-19 na Siglo |
| 57–59, 61 | Mga Pinta at Eskulturang Britaniko |
| 60–60B, 62–71 | Mga Pinta at Eskulturang Amerikano |
| 80–93 | Mga Pintang Pranses Mula Ika-19 na Siglo |
| 72–79 | Mga Espesyal na Eksibisyon |

| | |
|---|---|
| | Moderno at Kontemporanyong Sining |
| | Mga Espesyal na Eksibisyon |
| | Terasa sa Bubungan |
| | Pampublikong Espasyo |
| | Sarado sa Publiko |







## Ibabang Palapag


| | |
|---|---|
| G1–G9, G21 | Mga Eskultura at Pinta Mula sa Ika-19 at Ika-20 Siglo |
| G11–G13A | Mga Eskultura, Sining Pandekorasyon, at Pinta Mula sa Ika-17 at ika-18 Siglo |
| G10, G14–19 | Mga Eskultura at Dekorasyong Pansining na Medyebal, Renasimyento, at Barok |
| G22–G34 | Mga Espesyal na Eksibisyon |
| G42–G43 | Mga Sining Pandekorasyon at Pintang Amerikano |
| | Pampublikong Espasyo |
| | Sarado sa Publiko |

## Mga Pasilidad

- Lalaki
- Babae
- Pang-isahang stall
- Silid para sa pagpapasuso
- Bihisan
- Pag-iiwanan ng Gamit
- Impormasyon
- Device para sa pakikinig
- Mga Salin sa Braille
- ATM
- Aksesibol
- Fountain ng tubig
- Kainan
- Elevator
- Escalator
- Umuusad na lakaran
- Hagdan
- Panlabas na Pasukan

**Pakiusap, huwag hawakan ang mga likhang-sining**

Maaaring makamantsa o makasira sa mga nakadispley ang alikabok, tubig, at iba pang dumi sa kamay. Pakitulungan kaming pangalagaan ang mga likhang-sining upang mapanatili ang pamana natin para sa mga susunod na henerasyon.






## Mga Patakaran sa Pagbisita

Tandaan na lahat ng bag ay dadaan sa inspeksiyon sa pagpasok ninyo sa National Gallery. Isasailalim sa X-ray screening ang mga bagahe at malalaking bag. Pakiusap, huwag magdala ng mga bagay na mas malaki sa 17 × 26 pulgada (43 × 66 sentimetro) sa loob ng museo.

May mga libreng mapag-iiwanan ng gamit sa bawat pasukan. Pakiiwan ang bagahe, bag na labis ang laki, o anumang bagay na alanganin at delikadong dalhin sa mga galeriya. May karapatan ang National Gallery na tanggihan ang pagdadala ng mga espesipikong bagay, at hindi namin sagutin ang mga gamit na ipapaiwan ninyo.

Pakiusap, huwag ipaiwan ang mga laptop, kamera, o anumang mahalagang kagamitan; maaari ninyong bitbitin ang mga ito sa mga galeriya. Hindi sagutin ng National Gallery ang pagkawala o pagkasira ng mahalagang gamit sa pag-iiwanan.

Walang bayad ang pag-iiwan ng mga reusable na lalagyan ng tubig. Kung dadalhin ang mga ito, panatilihin itong nakatago o nakaligpit sa lahat ng oras.

Pakiiwan ang mga payong. Libre rin ito. Kung gustong dalhin, itago ito sa inyong purse o backpack.

Walang bayad ang pag-iiwan ng mga backpack. Kung dadalhin, panatilihing nakasuot ito sa isang balikat.

May mga stroller sa lahat ng pasukan, pero first-come, first-served ang paggamit sa mga ito. Pakiiwasan ang pagkarga sa mga bata sa balikat ninyo o ang paglalagay sa kanila sa isang backpack child carrier.

Pinapayagan ang pagkuha ng larawan para sa personal na paggamit, maliban na lang sa mga lugar na may nakapaskil na bawal ito. Pakiiwasan ang paggamit ng monopod, tripod, o selfie stick sa loob ng mga gusali ng National Gallery.

Pinapayagan ang pagguhit sa mga galeriya (gamit ang lapis o dry media lamang; bawal ang tinta o pintura).

Sa mga kainan lamang puwedeng kumain at uminom.

## Kainan

**Cascade Café**
Silangang Gusali, Concourse
11:00 a.m.–3:00 p.m. araw-araw

**Espresso & Gelato Bar**
Silangang Gusali, Concourse
10:00 a.m.–4:30 p.m. araw-araw

**Garden Café**
Kanlurang Gusali, Ibabang Palapag
10:00 a.m.–4:30 p.m. araw-araw

**Pavilion Café**
Hardin ng Eskultura
10:00 a.m.–4:00 p.m. araw-araw

**Terrace Café**
Silangang Gusali, Atrium ng Itaas na Palapag Itaas ng escalator
10:00 a.m.–4:00 p.m. araw-araw

Para marating gamit ang elevator, magpunta sa Library and Administrative Offices ng Ibabang Palapag Tutulungan kayo ng protection officer na nakaestasyon doon.

## Pamimili

**Tindahan sa Kanlurang Gusali**
Ibabang Palapag

**Tindahan sa Concourse**
Concourse sa pagitan ng Silangan at Kanlurang Gusali

**Tindahan sa Silangang Gusali**
Silangang Gusali, Concourse

**Mamili nang online**
shop.nga.gov

## Makipag-ugnayan sa National Gallery

I-follow kami sa social media

@ngadc

Ibahagi ang iyong karanasan gamit ang #myngadc

Bumista sa nga.gov/subscribe para makatanggap ng aming lingguhang newsletter.

Inilimbag noong Disyembre 2022

## Maligayang Pagdating sa National Gallery of Art

Iniimbitahan namin kayong tuklasin ang aming koleksiyon, galugarin ang sining, at gamitin ang inyong pagkamalikhain.

Bukas araw-araw ang National Gallery mula 10 a.m. hanggang 5 p.m.

Bukas kami sa lahat ng araw maliban sa ika-25 ng Disyembre at ika-1 ng Enero.

Laging libre ang admisyon.

nga.gov

202.737.4215

**Libreng Wi-Fi**: NGA_Public_WiFi

## Kanlurang Gusali

Ang Kanlurang Gusali ay tahanan ng mga pinta at eskulturang Europeo mula ika-13 hanggang maagang ika-20 siglo, pati na ng sining na Amerikano mula ika-18 hanggang sa simula ng unang dekada ng ika-20 siglo. Sining Pandekorasyon; ang Koleksiyong Kaufman ng muwebles na Amerikano; at nakadispley rin sa Kanlurang Gusali ang salit-salit na instalasyon ng mga limbag, guhit, bibihirang aklat, at litrato.

## Silangang Gusali

Nagtatanghal ang Silangang Gusali ng mga moderno at kontemporanyong likha ng mga alagad ng sining mula sa iba't ibang panig ng daigdig, pati na ng mga espesyal na eksibisyon.

## Hardin ng Eskultura

Ang Hardin ng Eskultura ay isang payapang tahanan ng mahahalagang modernong eskultura.

## Gabay sa inyong pagbisita

Bumisita sa nga.gov/tours para sa audio tour ng mga koleksiyon at espesyal na eksibisyon. May piling tour na mararanasan sa American Sign Language (ASL), Ingles, Français (Pranses), 日本語 (Hapon), 한국어 (Koryano), 中文 (Mandarin), Русский (Ruso), at Español (Espanyol).

I-scan ang code o bumisita sa nga.gov/app para ma-download ang app namin. Maging sarili ninyong gabay: tuklasin ang mga bagong likha sa mga galeriya, iakses ang mga audio stop, at galugarin ang kampus namin.

Bisitihin ang nga.gov/calendar para sa mga birtuwal at onsite na pelikula, konsiyerto, panayam, at gawaing pampamilya at pangkomunidad.

## Aklatan

Hindi matatawaran ang mga sangguniang nakalagak sa aklatan para sa mga mananaliksik: mahigit 400,000 tomo tungkol sa Kanluraning sining at arkitektura mula pa sa Edad Medya, at isang koleksiyon ng bibihirang aklat. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang nga.gov/ library o tumawag sa 202.842.6511 (aklatan) o sa 202.842.6026 (image collections).

## Mga silid para sa pag-aaral

Maaaring tingnan ang mga espesipikong limbag, guhit, at litratog hindi nakadispley kung magpapaiskedyul ng appointment. Bisitahin ang nga.gov/research para sa mga detalye.

## Aksesibilidad

Naninindigan ang National Gallery sa pagpupunyaging gawing aksesibol sa lahat ng gustong tumingin ang mga koleksiyon namin, gusali, at programa.

Matatagpuan ang mga rampa para sa wheelchair at stroller sa pasukan ng Kanlurang Gusali na nasa 6th Street, at sa pasukan ng Silangang Gusali na nasa 4th street. Libre ang paghiram ng wheelchair at stroller sa anumang pasukan.

May mga pang-isahang banyo na magagamit ng mga bisita, anuman ang kanilang kasarian. Maaari din itong gamitin ng mga pamilya, at ng mga bisitang nangangailangan ng tulong ng kasama.

Pinapayagan ang paggamit ng mga service dog saanman sa National Gallery.

Marami pang impormasyon sa nga.gov/accessibility. Kung nangangailangan ng karagdagang impormasyon o tulong, mgpadala ng email sa access@nga.gov o tumawag sa 202.842.6905, Lunes – Biyernes, 10:00 a.m. – 5:00 p.m.

## Pagmimiyembro

Maaaring suportahan ang National Gallery of Art sa pamamagitan ng pagiging National Member. Nagsisimula sa $50 kada taon ang pagmimiyembro. Kasama sa mga benepisyo ang e-newsletter ng mga miyembro at 10 porsiyentong diskuwento sa mga Art Shop ng National Gallery, onsite man o online. Nakatutulong ang mga National Member para mas marami kaming matulungan, madagdagan ang mga koleksiyon, makapagtanghal ng mga bagong eksibisyon, at marami pang iba. Bisitihin ang nga.gov/join para maging miyembro.

# Mapa

National Gallery of Art

